



BAHAGI 1: Mga Dapat at Huwag Gawin

PANIMULA

Inisip ng maraming mga tao na ang pagiging Kristyano ay tungkol sa pagsunod sa listahan ng mga dapat at huwag gawin. Pero paano kung hindi iyon ang sinasabi ni Hesus na dapat nating gawin? Kahit ano pa man ang iyong pinaniniwalaan. Kahit anong klaseng pamumuhay pa man ang meron ka. Iniimbitahan ka ni Hesus na... sumunod sa kanya.

TANONG TALAKAYAN

GISINGIN/PUKAWIN

1. Pag-usapan ang isa sa mga paborito mong guro, coach, o boss. Paano naging madali para sundin mo yung taong iyon?
2. Lumaki ka ba sa simbahan na nagbibigay-diin sa mga dapat at huwag mong gawin higit sa pagsunod kay Kristo? O kung hindi ka man lumaki na nagsisimba, inakala mo ba na iyon nga ang ibig sabihin ng pagiging Kristyano? Paano nakaapekto ang kasipang “gawin at huwag gawin” sa iyong espirituwal na paglago hanggang ngayon?

MAKIAYON

3. Basahin ang Mateo 9:9-13. Bakit nahirapan ang mga Pariseo na maunawaan ang ginagawa ni Hesus na pakikipaghalubilo sa mga makasalanan at mga tagakolekta ng buwis?
4. Paano nakaluluwag ng iyong kalooban ang idea na gusto ni Hesus na ang lahat ay sumunod sa kanya kahit ano pa man ang kanilang pinaniniwalaan at klase ng pamumuhay na meron sila? Paano naman ito nakakahamon?

GAWIN

5. Anu-ano ang mga bagay na nagpapahirap sa iyo na sundin si Hesus?
6. Ano ang isang bagay na pwede mong gawin ngayong linggong ito para simulan ang pagsunod kay Hesus o para mas masundan mo pa siya ng mas malapitan?

PAGSULONG

Sa katapusan ng araw, ang tanong ay hindi kung gaano ka na kalayo sa iyong espirituwal na paglalakbay kundi kung sumusunod ka ba kay Hesus. Simulan mo ang araw bukas sa isang panalangin: “Panginoon, kung saan mo man ako dadalhin, susunod ako.”

PAGPAPANIBAGONG ISIP

Pinalapit ni Jesus ang mga tao kasama ang kaniyang mga alagad at sinabi sa kanila: Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin, tanggihan niya ang kaniyang sarili, pasanin ang kaniyang krus at sumunod sa akin.

Marcos 8:34 SND